REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 27

KAPASIYAHAN NA NAGTATAG NG "MUNTINLUPA ANTI-VICE TEAM" UPANG MAGSAGAWA NG PAGSISIYASAT AT KAUKULANG PAGKILOS SA ANUMANG KATIWALIAN NA ISINASAGAWA SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA.

---

SAPAGKAT, likas ng tungkulin ng pamahalaang bayan na panatilihin ang kaayusan at katiwasayan ng buong pamayanan;

SAPAGKAT, kinakailangang mapigilan ang anumang lumalaganap na katiwalian o masasamang gawain na maaaring kabilangan hindi lamang ng mga nanunungkulan at naglilingkod sa pamahalaang bayan kungdi maging ang nasa pribadong sektor man;

SAPAGKAT, ang Muntinlupa Anti-Vice Team ay kabibilangan ng mga kinatawan sa iba't-ibang sektor na may kapita-pitagan at kapuri-puring reputasyon;

SAPAGKAT, ang mga kabataan ay kinakailangan na mailaye o maiiwas sa mga masasamang bisyo na maaaring makasira ng kanilang magandang kinabukasan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magtatag ng "Muntinlupa Anti-Vice Team" upang magsagawa ng pagsisiyasat at kaukulang pagkilos sa anumang katiwalian na isinasagawa sa nasasakupan ng bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 17 pangkaraniwang pulong na ginanap noong Hunyo 13,1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO :

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong
Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

RRC:vts